

# BAGYO NG ALIKABOK

Ang mga bagyo ng alikabok at Haboob ay maaaring mangyari kahit saan kabilang ang Illinois! Ang bagyo ng alikabok ay isang makapal na ulap ng alikabok at mga debris na kadalasang hinihihip sa isang lugar ng malakas na hanging dulot ng mga bagyong may pagkidlat. Ang mga ito ay resulta ng mga hangin na dumadaloy palabas ng isang bagyong may pagkidlat na maaaring lubos na makapagpababa ng kakayahang makakita. Ang iyong tanggapan ng National Weather Service ay inatasan na magbigay ng mga babala sa bagyo ng alikabok.

Ang mga bagyo ng alikabok ay biglang dumarating at bumubuo ng isang pasulong na makapal na ulap ng alikabok at mga debris. Ang zero-visibility na ito ay maaaring umabot sa maraming milya ang haba at ilang libong talampakan ang taas na ginagawang mapanganib ang mga kondisyon sa pagmamaneho. Ang nakakabulag at nakakasamid na alikabok ay maaaring mabilis na mabawasan ang kakayahang makakita na nagdudulot ng mga aksidente kabilang ang maraming banggaan at salpukan. Ang agarang pagkilos sa panahon ng isang bagyo ng alikabok ang magiging pinakamahalagang pasya sa kaligtasan sa kanilang buhay.

- Ang terminong haboob ay nagmula sa isang penomeno ng lagay ng panahon sa Sudan kung saan ang lungsod ay madalas na tinatamaan ng malalaking ulap ng alikabok
- Kung naabutang nasa sasakyan sa kalsada sa panahon ng bagyo ng alikabok:
  - ❍ Magdahan-dahan kaagad at isara ang lahat ng bintana at itigil ang pagpasok ng hangin (patayin ang A/C)
  - ❍ Tumabi sa gilid ng kalsada (mas mainam kung sa labas ng kalsada)
  - ❍ Patayin ang mga ilaw sa harap at likuran dahil nakatutulong ito sa ibang motorista upang hindi nila isipin na ikaw ay nagmamaneho at sundan ka
  - ❍ Gamitin ang iyong parking brake at panatilihing naka-seatbelt
- Kung nasa labas kapag may bagyo ng alikabok
  - ❍ Pumasok sa loob at iwasan ang anumang aktibidad sa labas
  - ❍ Takpan ang ilong at bibig ng maskara, respirator, o basang tela
- Ang paglanghap ng maalikabok na hangin sa panahon ng bagyo ng alikabok ay maaaring magdulot ng mga problema sa kalusugan — lalo na sa mga taong may hika o mga problema sa paghinga.
- Ang mga bagyo ng alikabok ay maaaring magdala ng mga sakit. Kasabay ng buhangin, nagdadala rin ang mga ito ng bakterya at mga virus
- Posible para sa isang tao na mawalan ng hininga dahil sa kawalan ng kakayahan na huminga nang normal, dahil ang mga partikula ng buhangin at alikabok ay binabara ang mga daanan ng hangin
- Ang tagtuyot ay isang dahilang salik na nagdudulot ng mga bagyo ng alikabok

**Ready.Illinois.gov**

**Estado ng Illinois**
Illinois Emergency Management Agency at
Office of Homeland Security

@ReadyIllinois ReadyIllinois @ReadyIllinois @ReadyIllinois

2200 S. Dirksen Parkway
Springfield, Illinois 62703
Punong Tanggapan ng IEMA (217) 782-2700
24 oras na Pagtugon (217) 782-7860

Inilimbag ng Awtoridad ng Estado ng Illinois 3/25 IOCI 25-1601 0 kopya